

VIERNES

MAKARAAN ANG IKATLONG LINGGO NG CUARESMA

Misa "Fac mecum"

III cl. • Simple • Lila

PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 85:17

FAC mecum, Dómine, signum in bonum: ut vídeant, qui me oderunt, et confundántur: quóniam tu, Dómine, adiuvísti me et consolátus es me. — *Ps 85:1* Inclína, Dómine, aurem tuam, et exáudi me: quóniam inops et pauper sum ego. *V.* Gloria Patri. Fac mecum.

PAGKALOOBAN mo ako, O Poong Mahal, patunay ng pag-ibig Mong wagas, nang makita nitong aking mga kaaway at sila'y malito't magtaka na Ikaw, O Poon, ang siyang tumulong at lumingap sa akin.— *Salmo 85:1* Ikiling mo ang iyong tainga sa akin, O Panginoon: sagutin mo ako 'pagka't ako'y lubhang nadapa na't sadlak sa dusa. *V.* Luwalhati sa Ama. — Pagkalooban ako...

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

IEIÚNIA nostra, quásumus, Dómine, benígno favóre proséquere: ut, sicut ab aliméntis abstinémus in córpore; ita a vítiis ieiunémus in mente. Per Dóminum.

ANG PAG-AAYUNO na aming ginagawa, O Panginoon, nawa'y kalugdan Mo: isinasamo rin po namin ang Iyong tulong upang sa ginagawa naming pagpapakasakit na ito'y maiwasan din naman ang paggawa ng pagkakasala. Sa pamamagitan ng iyong Anak, si Jesucristong Panginoon namin...

Sa Misa ngayong araw, idaragdagag ang ika-2 panalangin, "Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal"; ika-3 panalangin, "Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao."

PAGBASA • Bil 20:1, 3; 6-13

Pagbasa mula sa aklat ng Mga Bilang.

NOONG MGA ARAW NA YAON: Nagpulong ang mga Israelita laban kina Moises at Aaron. Sinabi nila, "Bigyan niyo kami ng inuming tubig!" Nagpunta sina Moises at Aaron sa may pintuan ng Toldang Tipanan at nagpatirapa roon. Nagningning sa kanila ang kaluwalhatian ng Panginoon. Sinabi ng Panginoon kay Moises, "Dalhin mo ang tungkod na nasa harap ng Kaban ng Tipan at isama ninyo ni Aaron ang buong bayan sa harap ng malaking bato.

Pagdating doon, magsalita ka sa bato at lalabas ang tubig para sa taong-bayan at sa kanilang mga alagang hayop.” Kinuha nga ni Moises ang tungkod mula sa Kaban ng Tipan. Tinipon nina Moises at Aaron sa harap ng malaking bato ang buong bayan. Sinabi niya, “Makinig kayo, mga mapanghimagsik. Gusto ba ninyong magpabukal pa kami ng tubig mula sa batong ito?” Pagkasabi noon, dalawang ulit na pinalo ni Moises ang bato sa pamamagitan ng tungkod. Biglang bumukal ang masaganang tubig at nakainom ang mga tao pati ang kanilang mga alagang hayop. Ngunit pinagsabihan ng Panginoon sina Moises at Aaron. Sabi niya, “Dahil kulang ang inyong pananalig sa akin na maipapakita ko sa mga Israelita na ako’y banal, hindi kayo ang magdadala sa bayang ito sa lupaing ibibigay ko sa kanila.” Nangyari ito sa bukal ng Meriba, kung saan nagreklamo ang Israel laban sa Panginoon at ipinakita niya na siya ay banal. — *R. Salamat sa Dios.*

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 27:7, 1

IN Deo sperávit cor meum, et adiútus sum: et reflóruit caro mea, et ex voluntáte mea confitébor illi.

V. Ad te, Dómine, clamávi: Deus meus, ne síleas, ne discédas a me.

SA DIOS ako’y nanalig, at nakasumpong ako ng saklolo: kaya’t puso ko’y lumukso sa tuwa. Kaya naman, papupurihan ko’t pasasalamatán Siya sa pamamagitan ng awitin.

V. Sa Iyo ako tumawag, O Poong Dios: O Dios ko, huwag po ninyong siphayuin itong pagsamo ko’t huwag din ako pabayaan.

Para sa Tracto, tignan ang Misa ng Lunes ng sanlinggong ito.

EBANGHELYO • Jn 4:5-42

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

NOONG PANAHONG IYON: Dumating si Jesús sa isang bayan na tinatawag na Sicar. Malapit ito sa bukid na ibinigay ni Jacob sa kanyang anak na si Jose. Dito matatagpuan ang balon ni Jacob. Dahil napagod si Jesús sa paglalakbay, umupo siya sa tabi ng balon. Halos katanghalian na noon. May isang Samaritanang dumating upang umigib, at sinabi ni Jesús sa kanya, “Maaari bang makiinom?” Wala noon ang kanyang mga alagad dahil sila’y bumibili ng pagkain sa bayan. Sinabi sa kanya ng babae, “Ikaw ay Judío at Samaritana naman ako. Bakit ka humihingi sa akin ng inumin?” Sinabi niya iyon sapagkat hindi nakikihalubilo ang mga Judío sa mga Samaritano. Sumagot si Jesús, “Kung alam mo lamang ang kaloob ng Dios, at kung sino itong humihingi sa iyo ng inumin, ikaw ang hihingi sa kanya at bibigyan ka niya ng tubig na nagbibigay-buhay.” Nagsalita ang babae, “Ginoo, malalim ang balong ito at wala ka namang pansalok.

ANTIPONA SA KOMUNYON • Jn 4:13-14

QUI bíberit aquam, quam ego dabo ei, dicit Dóminus, fiet in eo fons aquæ salientis in vitam ætérnam.

SINUMANG uminom ng tubig na ibibigay ko sa kanya, sabi ng Poong Jesus, ay magiging batis sa loob niya, at patuloy na bubukal at magbibigay sa kanya ng buhay na walang hanggan.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

HUIUS nos, Dómine, percéptio sacraménti mundet a crimine: et ad coeléstia regna perdúcat. Per Dóminum.

ANGg pagtanggap namin, O Panginoon, ng sakramentong ito'y makapagpalinis sa amin sa kasalanan: at kami nawa'y pabagtasin nito tungo sa kaharian ng Langit. Sa pamamagitan ng iyong Anak, si Jesucristong Panginoon namin...

Sa dakong Paghayo at Pagbabasbas sa katapusan ng Misa, harap ang pari sa bayan, sasabihin ang mga katagang "Humiliáte cápita vestra Deo" (Iyuko niyo ang inyong mga ulo sa Dios.)

PAGPAPANALANGIN SA SAMBAYANAN

PRÆSTA, quæsumus, omnípotens Deus: ut, qui in tua protectióne confidimus, cuncta nobis adversántia, te adiuvánte, vincámus. Per Dominum.

ISINASAMO namin, O Dios na makapangyarihan: kami nawang nananalig sa Iyong paglingap at lakas ay malagpasan namin ang lahat ng hirap sa lupang ibabaw. Sa pamamagitan ng iyong Anak, si Jesucristong Panginoon namin...

Saan ka kukuha ng tubig na nagbibigay-buhay? Ang balong ito ay pamana pa sa amin ng aming ninunong si Jacob. Dito siya uminom, gayundin ang kanyang mga anak at mga hayop. Higit ka pa ba sa kanya?" Sumagot si Jesús, "Ang bawat uminom ng tubig na ito'y muling mauuhaw, ngunit ang sinumang uminom ng tubig na ibibigay ko sa kanya ay hindi na muling mauuhaw kailanman. Ang tubig na ibibigay ko ay magiging batis sa loob niya, at patuloy na bubukal at magbibigay sa kanya ng buhay na walang hanggan." Sinabi ng babae, "Ginoo, bigyan po ninyo ako ng tubig na iyan upang hindi na ako mauhaw, ni pumarito pa upang sumalok muli." "Umuwi ka at isama mo rito ang iyong asawa," wika ni Jesús. "Wala akong asawa," sagot ng babae. Sinabi ni Jesús, "Tama ang sinabi mong wala kang asawa sapagkat lima na ang iyong naging asawa, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa. Totoo nga ang sinabi mo." Sinabi ng babae, "Ginoo, palagay ko ay isa kang propeta. Dito sa bundok na ito sumamba sa Dios ang aming mga ninuno, ngunit sinasabi ninyong mga Judio na sa Jerusalem lamang dapat sambahin ang Dios." Sinabi naman ni Jesús, "Maniwala ka sa akin, darating ang panahon na sasambahin ninyo ang Ama hindi na sa bundok na ito o sa Jerusalem. Hindi ninyo kilala ang inyong sinasamba, ngunit kilala namin ang aming sinasamba, sapagkat ang kaligtasan ay nagmumula sa mga Judio. Subalit dumarating na ang panahon at ngayon na nga, na ang mga tunay na sumasamba sa Ama ay sasamba sa kanya sa espiritu at sa katotohanan. Sapagkat ganyan ang uri ng pagsambang ninanais ng Ama. Ang Dios ay Espiritu at ang mga sumasamba sa kanya ay dapat siyang sambahin sa espiritu at sa katotohanan." Sinabi ng babae, "Nalalaman ko pong darating ang Mesiyas, ang tinatawag na Cristo. Pagdating niya, siya ang magpapahayag sa amin ng lahat ng bagay." "Akong kausap mo ngayon ang iyong tinutukoy," sabi ni Jesús.

Dumating ang kanyang mga alagad nang sandaling iyon, at nagtaka sila nang makita nilang nakikipag-usap si Jesús sa isang Samaritana. Ngunit isa man sa kanila'y walang nagtanong sa babae, "Ano ang kailangan ninyo?" Wala ring nagtanong kay Jesús, "Bakit ninyo siya kinakausap?" Iniwan ng babae ang kanyang banga, bumalik sa bayan at sinabi sa mga tagaroon, "Halikayo! Tingnan ninyo ang taong nagsabi sa akin ng lahat ng ginawa ko. Siya na kaya ang Cristo?" Kaya't lumabas ng bayan ang mga tao at nagpunta kay Jesús. Samantala, makailang ulit na sinabi ng mga alagad kay Jesús, "Rabi, kumain na kayo." Ngunit sumagot siya, "Ako'y may pagkaing hindi ninyo nalalaman." Kaya't nagtanung-tanungan ang mga alagad, "May nagdala kaya sa kanya ng pagkain?" Sinabi sa kanila ni Jesús, "Ang pagkain ko'y ang tuparin ang kalooban ng nagsugo sa akin at tapusin ang ipinapagawa niya sa akin.

“Hindi ba sinasabi ninyo, ‘Apat na buwan pa at anihan na’? Sinasabi ko naman sa inyo, masdan ninyo ang mga bukid, hinog na ang trigo at handa nang anihin. Ang umaani ay tumatanggap ng kabayaran at nagtitipon ng bunga para sa buhay na walang hanggan. Kaya’t magkasamang magagalak ang nagtatanim at ang umaani. Dito nagkakatotoo ang kasabihang, ‘Iba ang nagtatanim at iba naman ang umaani.’ Isinugo ko kayo upang anihin ang hindi ninyo itinanim. Iba ang naghirap dito at kayo naman ang umani ng kanilang pinaghirapan.”

Maraming Samaritano sa bayang iyon ang naniwala kay Jesús dahil sa patotoo ng babae, “Sinabi niya sa akin ang lahat ng aking ginawa.” Kaya’t pumunta sila kay Jesús at nakiusap na tumigil muna siya roon, at tumigil nga siya roon sa loob ng dalawang araw. At marami pang sumampalataya nang mapakinggan siya.

Pagkatapos, sinabi nila sa babae, “Naniniwala kami ngayon, hindi na dahil sa sinabi mo kundi dahil sa narinig namin siya. Alam na naming siya nga ang Tagapagligtas ng sangkatauhan.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 5:3-4

INTÉNDE voci oratiónis meæ, **ULINGIN** itong panalangin ko’t pagtawag sa Rex meus, et Deus meus: iyo, O Hari at Dios ko: sa Iyo ako’y nanalangin, quóniam ad te orábo, Dómine. O Panginoon.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

RÉSPICE, quæsumus, Dómine, **TUNGHAYAN MO**, O Panginoon, at propítius ad múnera, quæ tanggapin ang mga handog na aming iniaalay sa sacrámus: ut tibi grata sint, et Iyo: kalugdan mo ito’y gawing mabisa para sa nobis salutária semper exsístant. Sa ikauunlad ng aming kaligtasan. Sa Per Dominum. pamamagitan ng iyong Anak, si Jesucristong Panginoon namin...

PREPASYO NG KWARESMA

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens, ætérne Deus.

Qui corporáli ieiúnio vítia cómpimis, mentem élevas, virtútem largírís et prámia: per Christum Dóminum nostrum.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admítiti iúbeas, deprecámur, súpplíci confessióne dicétes: — Sanctus, Sanctus, Sanctus...

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Panginoong banal, Dios Amang makapangyarihan at walang-hanggan:

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan, sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng lakas at ginagagantimpalaan, alang-alang kay Cristong aming Panginoon.

Kaya sa pamamagitan Niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Dios ng mga hukbo...**